

Webinar para sa pagbabalita ng siyensya sa social media, idinaos ng DOST-STII

Ni Allan Mauro V. Marfal, DOST-STII

Kasabay ng pagtaas ng bilang ng kaso ng mga positibo sa COVID-19 sa bansa ay ang mabilis na pagkalat din ng maling impormasyon hinggil dito na nagdudulot ng matinding takot sa publiko. Kaya naman, malaking papel ang ginagampanan ng mga science journalist sa bansa para masugpo ang mga maling impormasyon at magabayan ng tama ang mamamayan.

Sa magkahiwalay na webinar na idinaos ng Department of Science and Technology-Science and Technology Information Institute (DOST-STII) nitong Abril at Mayo, binigyan-diin ng mga eksperto sa science communication ang kahalagahan ng epektibo at mapagkakatiwalaang balita sa larangan ng siyensya ngayon panahon ng pandemya.

Sa kanyang mensahe, naniniwala si DOST-STII Director Richard P. Burgos na ang krisis na naidulot ng COVID-19 ay nagsilbing paalala sa kahalagan ng public health research sa bansa at kung bakit kinakailangan itong pagtuunan ng pansin. Aniya, sa ganitong pagkakataon, ang mga nalalathalang istorya ng ating mga science journalist ay magiging instrumento upang maunawaan ito ng lahat at makagawa ng naangkop na polisiya hinggil dito.

Mga Nilalaman

Imbentor sa Region X, lumikha ng teknolohiyang mapatatagal ang gamit ng PPE.....P2

DOST, LSPU IDD Lab lumikha ng 1,240 PPEs para sa mga Laguna frontliners.....P3

Mga produkto ng Food Innovation Center, ipinamahagi sa piling COVID facilities sa Zamboanga CityP4

Sinuportahan naman ito ni Shaira Panela, contributor sa Rappler at batikang science journalist, na ang science journalist at communicator ang nagbibigay ng kaliwanagan hinggil sa mga agam-agam ng publiko, partikular sa mga mali-maling impormasyon patungkol sa COVID-19.

Samantala, pinaalalahanan naman ni FlipScience.ph Founder at Editor-in-Chief Mikael Angelo S. Francisco na sa pagbabalita ng siyensya lalo ngayong may pandemya, mahalaga para sa isang science journalist at communicator ang magbigay ng klarong pagpapaliwanag at mapanatili ang pagiging

makatao nito sa kanyang pagbabalita o pagbabahagi ng istorya.

e-Learning Sessions para sa pagbuo ng istorya sa social media at blog sites

Sa magkasunod na buwan na Abril at Mayo, nagdaos ang DOST-STII ng mga e-Learning Sessions upang magbahagi ng kaalaman sa publiko, partikular sa mga estudyante na nangangarap na maging science journalist balanag araw.

Ginanap noong 29 Abril 2020 ang Science Blogging in the Time of Pandemic kung saan ibinahagi ni Francisco sa mga nakapanuod kung paano makakabuo ng

sundan sa pahina 2



Idinaos ng DOST-STII, sa pangunguna ni DOST-STII Director Richard P. Burgos (ikatlo, pakaliwa) ang unang Science Journo Ako webinar kung saan tinalakay ni Mikael Angelo S. Francisco (una, pakaliwa) noong ika-29 ng Abril ang pagbabalita ng siyensya sa panahon ng pandemya. Kasama rin sa webinar sina Rodolfo P. de Guzman (ikaapat, pakaliwa), mula sa DOST-STII, bilang moderator, at si Karen Samson (ikalawa, pakaliwa) mula sa Philippine School for the Deaf, bilang deaf interpreter ng webinar. (Screenshot mula sa Science Journo Ako Facebook Page)



Webinar para ...
Mula sa pahina 1

interesadong artikulo at imaha na aakma sa mga science blog sites.

Sa kanyang presentasyon, binigyan-diin niya na mahalagang maipakita mo sa tao kung sa papaanong pamamaraan makakatulong ang isang teknolohiya, konsepto o pag-aaral na paunlarin ang kanyang pamumuhay o bigyan ng alternatibong solusyon ang kanyang mga suliranin.

Samatala, noong 22 Mayo 2020, tinulungan naman ni Panela ang mga nakapanuod kung paano magbalita ng mga okasyon o paksang may kinalaman sa siyensya at teknolohiya gamit ang mga social media sites na Twitter at Instagram.

Ipinaliwanag ni Ruby Shaira F. Panela (una, pakaliwa) noong ika-22 ng Mayo kung paano ang pagbabalita ng siyensya at teknolohiya gamit ang Twitter at Instagram. Kasama rin sa webinar si DOST-STII Director Richard P. Burgos (ikatlo, pakaliwa), Allan Mauro Marfal, mula sa DOST-STII, bilang moderator ng webinar (ikaapat, pakaliwa), at si Rhodora B. Daef (ikalawa, pakaliwa) mula sa Philippine School for the Deaf, bilang deaf interpreter. (Screenshot mula sa Science Journo Ako Facebook page)

Imbentor sa Region X, lumikha ng teknolohiyang mapatatagal ang gamit ng PPE

Ni Jasmin Joyce P. Sevilla, DOST-STII

Personal na iniabot ni Engr. Elpidio M. Paras, imbentor at CEO ng Parasat Cable TV, sa Department of Science and Technology-Region X (DOST-X) ang kaniyang imbensyon upang makatulong sa mga medical frontliner na mapatatagal ang gamit ng personal protective equipment (PPE) na proteksyon nila laban sa COVID-19.

Tinawag na “Parazap” ang imbensyong likha ni Engr. Paras. Ito ay isang portable ultraviolet (UV) room disinfection unit. Ang aparatong ito ay dinisenyo upang ma-disinfect ang mga PPE lalo na ang N95 mask at kayang pumatay ng 99% ng microorganism sa pamamagitan ng exposure sa UV radiation. Mayroon itong dalawang set ng UV-C germicidal lamp na may 15 hanggang 18-wattage at kayang mag-disinfect ng sampung N95 mask sa isang gamit. Maaari ring i-adjust ang tagal ng exposure nito mula 60 segundo hanggang 60 minuto, depende sa kinakailangang oras upang mapatay ang uri ng microorganism. Dagdag pa rito, lahat ng materyales na ginamit sa disinfection unit ay mula lamang sa lokal na hardware sa rehiyon.

Ayon kay Engr. Paras, layon niyang makagawa ng mas mura at mas epektibong disinfecting equipment na maaaring i-reproduce sa kanilang lugar upang makatulong sa lumalaganap na kakulangan



Personal na iniabot ni Elpidio M. Paras (ikalawa mula kanan) ang kaniyang imbensyon na Parazap sa DOST-STII para sa efficiency testing. (Larawan mula sa DOST-X)

sa PPE sa mga ospital at iba pang frontline agency sa rehiyon.

Katuwang ni Engr. Paras ang Regional Standards and Testing Laboratories (RSTL) sa ilalim ng DOST kasama ang COVID-19 Response Disinfection Team kung saan isasailalim ang naturang equipment sa ilang pagsusuri at aalamin kung ilang porsyento ng microorganisms ang nasa N95 mask bago at pagkatapos ng

treatment sa loob ng UV-C chamber.

Gagamit ang RSTL ng testing method kung saan aalamin ang kapasidad ng equipment sa pagpatay ng E.coli bacteria na sadyang ilalagay sa mask. Sasailalim din ang mga mask sa iba’t ibang tagal ng exposure mula isa, dalawa, tatlo, lima, at sampung minutong cycle. (Impormasyon mula sa DOST-X)

DOST, LSPU IDD Lab lumikha ng 1,240 PPEs para sa mga Laguna frontliners

Ni Christel Marie Castillo, DOST-STII



Nakipagtulungan ang DOST-CALABARZON sa Laguna State Polytechnic University San Pablo IDD Lab upang makapagbigay sa mga ospital at fronliner sa Laguna ng mga protective suits na gawa sa poly microfiber (blue) at water repellent microfiber (white). (Larawan mula sa DOST-CALABARZON)

Ang Department of Science and Technology – CALABARZON, katuwang ang Laguna State Polytechnic University (LSPU) San Pablo, sa pamamagitan ng kanilang Ideation, Design, and Development (IDD) Laboratory, ay nagtulong-tulong kontra COVID-19.

Ang pagtutulong ng DOST-CALABARZON at LSPU ay nagbunga ng 1,240 na personal protective equipment (PPEs) na binubuo ng sumusunod: 660 bent acrylic face shields, 610 safety gown suits na gawa sa poly microfiber (blue) at water repellent microfiber (white) fabric, 20 kahon ng aerosol, at 10 ventilator valves.

Ang mga produktong ito ay ibinahagi sa mga ospital at frontliners sa probinsya ng Laguna kabilang ang sumusunod: HealthServ Los Baños Medical Center, Los Baños Municipal Health Office, San Pablo City Medical Society, San Pablo Community Quarantine Facility, Office of the Civil Defense IV-A, at DOST VCO Clinical Study sa Sta. Rosa Community Hospital.

“Matapos makita ang tumataas na demand ng PPEs para sa mga frontliners na rumeresponde sa COVID-19 pandemic,

nakakita kami ng oportunidad upang ma-tap ang mga resources at i-adjust ang function ng laboratory upang matugunan ang kasalukuyang pangangailangan at sitwasyon ng komunidad,” wika ni DOST-CALABARZON Regional Director Alexander R. Madrigal.

Sumasailalim ngayon sa ebalwasyon ang mga nagawang PPEs. Ibase ang paggrado nito sa satisfaction rating ng mga recipients ayon sa quality, usability, safety, at aesthetics. Makatutulong ang resulta ng isasagawang survey sa pagpapabuti pa ng mga produkto sa susunod nilang produksiyon.

Ang DOST-LSPU IDD Lab ay isang special laboratory na gumagamit ng 3D printers upang maisagawa ang product development, design, at prototyping. Unang ginamit bilang pagtugon sa pangangailangan ng mga lokal na designers at potensyal na technopreneurs, ngayon, ang DOST-LSPU IDD Lab ay nakatuon sa paghahatid ng serbisyo ngayong panahon ng kalamidad. Naging daan din ito sa LSPU upang magkaroon ng karanasan at tiwala sa paggawa ng PPEs na naghikayat sa paaralan na magpasa ng proposal sa Commission on Higher Education

(CHED) na nagkakahalagang Php 466,050 para sa pagpapatuloy ng produksiyon ng PPEs para sa mga frontliners. (Impormasyon mula sa DOST-CALABARZON)

RODOLFO P. DE GUZMAN
Editor-in-Chief

JASMIN JOYCE P. SEVILLA
Managing Editor

JAMES B. INTIA
Layout Artist

ROSEMARIE C. SEÑORA
Proofreader

ALLAN MAURO V. MARFAL
Circulation

Ang Balitang Rapidost ay buwanang lathalain ng Institusyon ng Impormasyon sa Agham at Teknolohiya (STII) para sa Kagawaran ng Agham at Teknolohiya (DOST).

Para sa inyong mga tanong at suhestiyon, maaari po kayong mag email sa balitangrapidost@gmail.com o tumawag sa DOST trunkline (02)837-2071 to 82 loc. 2148.

Mga produkto ng Food Innovation Center, ipinamahagi sa piling COVID facilities sa Zamboanga City

Ni Rosemarie C. Señora, *DOST-STII*

Larawan mula sa DOST-IX

Bilang tugon sa pangangailangang dulot ng COVID-19, iba't ibang uri ng food item na produkto ng Zamboanga Peninsula Food Innovation Center (FIC-9) ang ipinamahagi para sa mga front liner, kawani at namamalagi sa Zamboanga City Media Center o ZCMC at Ateneo de Zamboanga University (AdZU) Lantaka Isolation Facility.

Bawat pasilidad ay nakatanggap ng ipinagamamaking BOSS biscuits ng naturang food innovation center – malutong kung kakainin ngunit ito'y pinagsama-samang saging, oatmeal, guyabano (soursop) at lato (sea grapes) bilang pangunahing sangkap nito.

Bukod pa rito, nakatanggap din sila ng plain Sea Grapes biscuit packs, Guyabano Tea packs, face mask holders, at suplay ng BLAZED face shields mula sa Beneficial Life Apparatus na bunga ng pagtutulongan ng Zinex Express at DOST.

Mula nang ilunsad noong 16 Pebrero 2017, tuloy-tuloy na ang paggawa ng FIC-9 ng DOST at ng Zamboanga State College of Marine Sciences and Technology o ZSCMST ng



Iba't ibang produkto ng DOST-ZSCMST Food Innovation Center



Produktong pagkain ng FIC na ibinigay sa AdZU-Lantaka Isolation Facility at ZCMC

mga pagkaing kakaiba at masustansya gamit ang mga lokal na sangkap.

Itinayo bilang pangunahing tugon sa pangangailangan para sa food processing ng micro, small and medium enterprises o MSMEs ng Rehiyon IX, patuloy rin ang paghahanap ng paraan ng FIC-9 upang masuportahan ang mga gawain ng Regional Office IX DOST SAVES Program o Devising Operational Strategies and Tools to Safeguard Against the Virulent Epidemic Situation na nakatuon sa pagbuo ng mga praktikal na solusyon laban sa COVID-19.

Para sa iba pang impormasyon ukol sa DOST SAVES program, maaaring tumawag sa (062) 991-1024 o mag-text sa 0917 8011 887 at hanapin si John Apolinario III. Maaaring ring magpadala ng email sa dost9info@gmail.com o bisitahin ang Facebook page ng opisina sa www.facebook.com/DOSTRegion9. (Impormasyon mula kay Bon Padayhag, DOST IX)